# Ang Libuhi ni Jorge

*Terence Talagon*
*terencetalagon20@gmail.com*

Namatay si Lolo kagabi. Ito ang laman ng mensahe na ipinadala ng aking bunsong kapatid sa Messenger. Hindi ako nagulat gid. Ano pa ba ang maaasahan sa matandang minsan na nga lang bumangon mula sa kanyang kama? Nagtype ako. "*Ti, ano, uuwi ba ako d'yan?*" sabi ko, may kaunting pasobra sa pag-aalalang nararamdaman. Malaki naman ang aking pasasalamat sa natanggap na reply: *Sa libing na lang daw, at may klase ka pa d'yan.*

Tatlong araw bago ang libing, nasa pumpboat ako pa-Guimaras. Ang pumpboat na aking sinasakyan ay ('di nakakagulat) hindi gawa ng mga kamay ni Lolo. Hindi lang dahil matagal na siyang nakatali sa kanyang katre at hindi na mapakinabangan, kung 'di dahil hindi siya gumagawa ng napakabagal na mga sasakyan. Palaging nananalo sa karera bawat pista sa Purok Balabago ang kanyang mga banca. Maliit lang ang makina nito, parang corazon ng bangus sa katawan ng bangus. Ang katawan nito ay tila alatan na makinis ang gilid; ang unahan nito ay matalim na sungay ng balitos na bumubutas sa tubig para sundan ng katawan nito. Chaka ang kabagalan ng

bancang aking sinasakyan ngunit okay lang, hindi naman ako nagmamadali na makita ang aking lolo na pautaw-utaw sa kanyang kabaong.

Alas diyes na nang dumating ako sa Barangay Cabano, sakay sa motorsiklo na aking gin-akupar. Matiwasay ang paligid, walang hanging umiihip. Masayang pumapalo ang araw. Ang mga palay na nakoronahan ng ginto ay parang mga estatwa na santos; at ang mga baka at kalabaw ay nagmumunimuni sa lilim ng mga kahoy sa gilid ng sapa sa di-kalayuan. Kahit ang tolda na nakatayo sa bakuran ay walang paglangitngit, focused lang sa pagbibigay-lilim sa tanging lalaking nakaupo sa kawayan na papag.

"Nagkape ka na, 'Lo?" bati ko sa kanya. Palagi siyang pumupunta rito sa bahay, dumadaan sa isang kawayan na tulay sa ibabaw ng sapa kung maubusan na ng kape sa kanilang bahay at wala nang pambili.

"Wala pa," sagot niya, na parang may putik na bumabara sa tamburong ng kanyang lalamunan.

Pumasok sa isip ko na baka nandito siya para makibahagi sa kalungkutan sa pagkamatay ng kanyang kapatid. "Hintayin mo ako at titimplahan ko ikaw," sabi ko bago magpatuloy sa pagpasok sa bahay.

Sementado ang buo naming mayor. Pinondohan ito ng aking tiyahin na ngayo'y nagtatrabaho sa labas. Ang mga jalousie ay natatabunan ng mga bagong labang kurtina, kulay light blue, light—tiyak ito ay dahil gagaan na ang mga gawain sa loob ng bahay ngayon na wala na ang matanda. May carpet na nakalatag sa tiles, ito ay pinahiram ng funeraria, mayroon ding dalawang lalagyan ng kandila na hindi dapat mamatay hasta mailibing ang patay, may royal purple din na kurtina sa likod. May mga ribbons na maingat na inilagay sa kabaong, nakasulat dito ang mga pangalan ng mga taong labis ang kalungkutan sa pagkamatay ng matanda.

At ang kabaong– maayos ang pagkakapinta dito. Hindi marumi. Tama lang ang kapal. Makinis ang katawan, masipag na kinatam at niliha. Sumingit sa aking kaisipan ang pagsuntok sa kabaong para malaman kung matibay ito.

Tiningnan ko ang mukha ng bangkay ni Lolo. Nakapikit ito, sunod sa aking nakasanayan. Nakahiga, sunod sa nakasanayan. Tiyak na mabaho rin ito, ayon sa nakasanayan. Ang hindi ko nakasanayan ay ang pagkatahimik nito. Kung pagbabasehan ang bibig nito na pulang-pula sa nilagay na lipstick, masasabi mong may dugo pa na dumadaloy dito, at kaya pa niya itong ibuka para bumati sa akin.

"Lyod?" kanyang isasagot, kalahating-hula, kalahating-tanong, kapag akin siyang tatanungin sa kung sino ako sa kanyang mga apo. '*Nge, hindi ako ya si LLoyd*," sasabihin ko. *Si Isoy ako ya.* "Ah, Isoy. Ikaw pala 'yan?" sasabihin niya. Pagkatapos, mahabang katahimikan.

Sa kanyang pagkatahimik, aking naaalala ang isang maikling pelikula. May isang batang babae, siya ay nasa ilalim ng isang higanteng puno. Siya ay natutukan ng isang baril at malapit nang barilin. Isang millisegundo bago dumating ang bala sa kanyang noo kanyang sinabi na, "*Ako ay nabuhay sa loob ng isang libong taon*."

Akin na ngayong huhulaan ang *isang libong taon na buhay* ni Lo Jorge, ipagkakasya sa maikling kwentong ito.

Isa siyang baka sa kanyang kasanggolan, naghaharab ng mga punda at kumot sa kanyang toril na kuna. Dito rin siya nagpapapulandit ng kanyang pwet.

Isa siyang tulabong pagkamaya-maya. Dumadapo ito at nagalatay sa ibabaw ng bakod ng kanyang kuna. Nakita nito ang kabuuan ng bahay, ang kalawakan nitong hindi mapagkasya sa kanyang paningin, at ginusto niyang makarating sa mga malalayong sulok, kaya siya tumalon mula sa kanyang kuna.

Pinagalitan siya ng kanyang ina. Nainip siya sa pakikinig kaya kalauna'y naglayas ito. Sa tingin ko'y pinigilan siya ng kanyang tatay, sinabihan na *magpahimunong ka sa bahay Jorge*, ngunit hindi ito nakinig dahil nagsimula na siyang maging isang lalaki.

Madaming suntukan ang kanyang sinalihan. Naalala ko noon nang pabiro ko siyang sinuntok nang dapuan na ito ng katarata at hindi na makabalik ng kamao. Sinabihan niya ako na "ay, Isoy, kung nakakakita lang ako," pagkatapos ay palambang na sumuntok sa hangin. "Kahit ang mga malalaki d'yan sa Tumanda, tinatalo ko 'yan sa suntukan. Dinadakip ko sila sa bewang, tinutumba, tsaka bubunuin. Ganyan ang gagawin mo kapag mas matangkad ang iyong kalaban." Dahil, totoo nga, na ang lahat ay pantay-pantay na pagkahulog sa lupa.

NANG SUMUNOD NA ARAW, matapos ang isang gabi na hindi ako nagpulaw kasama ng mga kamag-anak, bisita, at mga sugarol na masayang nag-Bingo at naglaro ng baraha, pumunta ako sa kusina. Nadatnan ko dito ang aking ina na nagsasangag.

"Gutom ka na, Soy?" mainit niyang bati sa akin. "Busy ba kayo ngayon sa eskwela?"

"Hindi naman," sagot ko, "natapos ko na ang mga kailangang ipasa."

May maikling katahimikan na sumingit bago ako makapagpatuloy. Maikli, ngunit sapat na ito para makaakyat ang kaunting usok mula sa dulo ng gatong na kahoy.

"Kamusta si Lolo nang maliit pa kayo, 'Ma?"

"Si Tatay?" sabi niya, at dagli niyang kinuha ang T-shirt na nakasablay sa kanyang balikat at ginamit ito sa pagpahid sa kanyang matang nausukan. "Palagi 'yan silang wala ni Nanay. Kung saan-saan silang pululawan pumupunta, at iniiwan kami kahit wala pa kaming muwang."

"Pero, mabait man si Lolo, Ma?"

"Mabait ka d'yan. Abusador iyang si Tatay. Walang karason-rason, magagalit. Kung galit na'y kawawa gid ang mga lalaki sa kanyang mga palo, lalo na gid si Dodoy mo."

Ah, si Dodoy. Naaalala ko pa siya. Buhay pa siya hanggang siya'y namatay apat na taon na ang nakakaraan. Hindi sila nag-uusap ni Lolo. Hindi rin siya kinakausap ni Lolo. Kung may gusto silang ipaabot sa isa't-isa'y idinadaan nila ito kay Lola.

Ayon nga sa teorya, maraming media na pwedeng daanan ang isang mensaheng gustong ipahayag. Napasok dito ang pagsusulat, pagsasalita, si Lola Elena, pati na ang espesyal na medium ng suntukan. Kapag nakainom na sina Dodoy at Lolo, madalas silang nagakomunikar sa huling pamamaraan.

At kagyat maipaparamdam ang kailangang iparamdam. Para sa ano pa ang mga salita kung sa isang suntok ay kaya nang magpahayag ng isang libong kakulangan at tampuhan, sa kada daplis ng kamao sa mukha, literal na mapaparamdam ang kainít.

Lumabas ako ng bahay at muling naging saksi sa kung gaano kahirap magpahayag gamit ang mga salita sa pagitan ng mga lalaki. Sa ilalim ng mapayapang tolda, muli kong nakita ang matandang kapatid ni Lo Jorge. Nakaupo siya. Mag-isa. Bilib gid ako sa mga matatandang kayang umupo sa loob ng mahabang panahon na walang ginagawa. Ang matandang ito gid, na natutula kakatingin sa di-kalayuan. Parang nakatingin ito sa potoro, sa oras ng kanyang kamatayan.

"'Lo Erning, ang aga mo pa! Nakapagkape ka na?" bati ko sa kanya na may dala pang ngiti.

"Ay, hindi pa 'to," sabi niya. Magaslaw pa rin ang kanyang lalamunan, parang ginasiburo.

"Kuhaan kita sa loob 'Lo a," sabi ko, at mabilis na pumasok.

MAS MARAMING TAO ngayon kesa kagabi. Papalapit na kasi ang libing. Maraming nag-iingay sa labas: mga kaedad ko na sumisigaw na sa B, uno, sa O, setenta; mga lalaking nag-iinuman; mga batang naghahabulan sa sinag ng buwan, mga babaeng salitan sa pagbigay opinyon sa anak ni Kwan na nabuntis. Pinili kong manatili sa sala kung nasaan naroroon si Lolo, nalilibang

ang sarili sa pamamagitan ng pagpeperform ng card tricks sa kung kanino mang anak 'to na kanina pa wow ng wow at paano mo nahulaan.

Si Lola naman ay nasa kahoy na sofa, nakaupo habang nakatingin sa bintana at sa mga nagapulaw, iniisip kung sino pa kaya sa kanyang mga kamag-anak ang hindi pa nakabisita sa kanya sa oras ng kanyang pagdadalamhati. Tiyak ay naisip na rin nito kung anong karma ang darating sa mga taong hindi makakaalala sa kanya. Kapag may dumating gani at magpakilala na ako si Kwan, anak ni Kwan sa kanya kagyat itong tatangis. *Mabuti… huhuhu… at naalala… huhuhu… niyo pa ako!*

Ngunit hindi pa ito nakaiyak para sa kanyang asawa. Hindi pa ito nakamonologo sa harap ng kanyang kabaong patungkol sa kung ano na lang ang kanyang gagawin ngayon na iniwan na ito ni Lo Jorge. Iba noon ng si Dodoy ang namatay. Kahit kami ay pipilitin niyang tumangis: *Paano na lang kayo ngayon na wala na si Dodoy n'yo, wala na!*

Wala namang may makakasisi sa kanya. Bawat hatinggabi sa loob ng dalawang taon, siya ay ginigising ni Lo Jorge sa kanyang mahimbing na pagtulog. *Elen, mamamatay na ako. Pahiran mo naman ako ng Epikasint ay, maawa ka, Elen. Eleeeeeen!*

Lumabas na si Kwan. Bago 'yan, may binigay itong sobre kay Lola. *Baw, salamat gid 'to ha. Mababawasan gid nito ang aking mga alalahanin.*

Ngunit wala na sana pang aalalahanin si Lola Elena. Kung nandito pa sana si Abel sa amin. Si Abel ay isang kalabaw na isa lamang ang itlog, kung kaya't pinangalanan siyang Abel. Walong taon na ang nakalipas nang binili ito ni Lo Jorge, kasama ang inang nito. "Kung mamatay na gani ako," deklarar ni Lolo sa amin, "ibenta ninyo si Abel at ang kwarta gamitin sa pagpapalibing sa akin. Kung si Elena naman ang mamatay, ang inang ang inyong ibenta."

Ngunit hindi gid nasunod ang kanyang mga plano.

NAGISING AKO sa kinang ng araw na lumulusot sa jalousie. Lumabas ako at ako'y binati ng mga gintong kulay na dumapo sa lahat ng bagay—sa kumikislap na balat ng baka, sa mahiyaing butil ng mga palay, sa kristal na pakpak ng mga tutubi. Ang hindi lamang nadapuan ng sinag ng araw ay ang lilim na nasa gitna ng tolda at ang matandang nakaupo rito.

Nakaisip ako ng isang interesting fact: naunang namatay si Lo Jorge kesa kay 'Lo Erning na kanyang nakakatandang kapatid. Baka pa lamang humaba ang aming pag-uusap kapag binanggit ko ito.

Siyempre, tinanong ko muna siya kung nakapagkape na ba ito. Sabi niya'y hindi pa, kaya sabi ko kukuhaan ko muna siya. Sabi niya'y siya na lang daw ang bahalang magtimpla pero ako'y nag-insister. Pumasok ako sa mayor at nagtimpla. Isang kutsarita ng Nescafe Classic, at dalawang kutsarita ng pulang kalamay, ayon sa aking nakasanayan. Pagkatapos kong ibigay ang tasa sa kanya, tinanong ko siya tungkol sa kanyang edad.

"Otientay cinco," sagot niya, kagyat lunok ng plema.

"Magulang ka pa gali kay Lolo Jorge e," sabi ko. Hindi ko na kinailangang maghintay ng matagal bago siya nag-umpisang magkwento.

"Ah, magulang," marahan niyang sagot, parang hinahanap ang kahulugan ng salitang binanggit. "Oo, magulang niya ako. Naaalala ko noon nang maliliit kami…"

Mahilig daw si Lo Jorge maghukay ng banayan sa gilid ng sapa. Si Lo Erning naman, dahil madalas lang magpahinga sa papag sa lilim ng puno ng mangga, ay itinuturing ng kanyang kapatid bilang isang tamad. Isang bes, iniwan saglit ni Jorge ang isang pinggan ng nilagang banayan sa kanilang mesa. Natiempohan rin na pumasok si Erning galing sa kanyang siesta at walang pagdadalawang-isip ay nagbalat ito at kumain ng banayan. Nadatnan siya ni Jorge na nagamual, at dahil naghanap pala ng pambalat ng banayan si Jorge ay may hawak itong kutsilyo. *Gago ka*, sabi ni Jorge sa magulang, at makikita sa kanyang mukha na mas pinapahalagahan nito ang kanyang

banayan kesa sa buhay ni Erning. Tumakbo si Erning. Hinabol siya ni Jorge palabas sa kanilang bahay. Dahil maliit pa lamang si Jorge at maikli ang kanyang mga binti, hindi niya mahuli ang kanyang magulang. Binato niya ng kutsilyo si Erning ngunit dumaplis lamang into sa kanyang paa.

"Pinatawad ka man niya kaya, 'Lo, bago siya mamatay?" tanong ko.

Tumawa ito ng tawa ng isang matandang lalaki. "'Guro e. Noong nag-asawa na ako at nagpatayo ng sarili kong tahanan. Binata pa si Jorge, at ako may mga anak na. Madalas niyang dalhan ang kanyang mga pamangkin ng mga kararuton, pati na banayan."

Lumalambot din pala ang damdamin ni Lo Jorge sa mga bata. Katulad ko rin, na madalas silang kalaro.

"Mabait man sya kay Dodoy dati?"

Nagmunimuni siya saglit, binakas kung nangyari gid man ang himalang aking tinutukoy.

"Noong maliit pa si Dodoy mo, huo. Bago ito nagbinata. Madalas si Dodoy mo nakasakay sa kalabaw ni Tatay niya. Mahigpit pa nga ang kanyang pagyapos sa ama."

Naalala ko rin noon nang sumasakay ako sa kalabaw ni Lolo o 'di kaya'y sa carosa na hila nito. Palagi niyang nilalatagan ng sako ang aking uupuan para hindi maputikan ang aking shorts. Kung pababa na gani kami sa mga kahon ay humihigpit din ang aking paghawak.

Tinanong ko si Lo Erning kung siya ba ay magkukumpanyar bukas, sasakay sa mga trak na hila ng kanilang mga makina, sa daan na puno ng mga umuumbok na white rocks.

"Ay, hindi na siguro 'to dahil itong mga tuhod ko bala hindi ko na mabaluktot tsaka ang ulo ko palaging nahihilo," sagot niya. Dalidali niyang inubos-higop ang kanyang kape.

PUMUNTA KAMI SA SEMENTERYO ng Sebaste pagkahapon para icheck ang panchon para kay Lolo. Nakalagay ito sa itaas ng puntod ni Dodoy na kanyang anak. Naisip ko na ganito ang happy ending para sa kanilang relasyon: may sementong nakapagitan sa kanila ngunit kahit papaano ay payapa silang nakahimlay malapit sa isa't-isa. Ang kanilang nalalapit na pagtatabi ay nagpaala-ala sa akin ng isang matamis na eksena apat na taon na ang lumipas.

Malapit nang mamatay si Dodoy. Nagtitiis ito sa terminal stage throat cancer dahil sa sobrang paninigarilyo. Namaga ang lalamunan nito kaya hindi na nakakakain nang maayos. Matindi ang pagnipis ng kanyang katawan. Nang siya ay naging bedridden, nakahiga rin ito sa kama sa sala kung saan nakalatag si Lo Jorge ngayon.

Noong panahong iyon, nakakalakad pa si Lo Jorge sa loob ng bahay, kahit na parang kuhol lang ito kabagal, dahil kanyang kinakapa ang mga pader, mga pinto, at mga furniture para malaman ang kanyang dinadaanan. Isang hapon pagkatapos magkape sa kusina, dumaan ito sa katre ni Dodoy na malapit nang mamatay.

Hindi niya man sinadya na mahawakan ang katawan ni Dodoy. Hindi niya man sinadya ang sumunod na mga pangyayari.

Pinulot ni Dodoy ang kamay ni Lolo mula sa bewang nito at pinatong sa kanyang dibdib. (Ito ay ayon rin sa kwento ni Lolo sa aking pag-uwi mula sa paaralan.) Baka may kaunting luha na tumulo sa mga mata ni Dodoy, tsaka niya sinabi na: Ama, sa iyong kamay ipinapaubaya ko ang aking espiritu. (Joke lang, siyempre, ang totoo niyang sinabi ay, "Patawarin mo ako Tay"). Pagkatapos ay binuga na niya ang kanyang huling hininga. At nanatili silang dalawa sa ganoong posisyon sa loob ng ilang segundo, magkahawak ang kamay ngunit ang isa ay nasa pisikal na mundo at ang isa ay nasa spiritual plane.

Naaalala niyo pa ba ang kalabaw na si Abel na aking binanggit? Ang kalabaw na sabi ni Lo Jorge ay ibenta at igastos kapag siya'y namatay? Binenta ang inang sa pagpapagamot kay Dodoy, at si Abel naman para sa pagpapalibing sa kanya. Kaya nating sabihin na malambot ang aking lolo sa

mga malalambot na mga bagay: mga bata, mga bababe, at mga patay na lalaki.

At sa akin? Tiyak malaking palaisipan sa iyo, mambabasa, kung naging mabait ba siya sa akin. Iilan lamang ang laman ng aking alaala na kasama siya: ang aming pamimingwit sa sapa kasama ang aking mga kapatid kung saan ako ang may pinakamalaking haruan na nabingwit, ang pagbigay niya sa akin ng tikpak para mas madali kong mahuli ang mga tutubi at paru-paro sa bakuran, at ang mga maluwalhating takipsilim sakay sa kanyang kalabaw matapos ang isang mahabang araw sa bukid. Isa pa, madalas siyang naga-Iloveyou sa akin. 'Yan ang pinapasabi ko sa kanya bago ko siya timplahan ng kape. "I love you muna a." *"I labyuuuu."* Pagkatapos ay masiyahin nitong hihigupin ang kanyang kape na may isang kutsarita ng Nescafe at dalawang kutsarita ng pulang kalamay, ang kanyang nakasanayan. Labis itong kutimoy, at labis na mapagmahal. Ang pinakamasama niya namang ginawa sa akin ay nang inutusan niya akong bumili ng tatlong stick ng sigarilyo sa tindahan na tatlong kilometro ang layo mula sa bahay.

HINDI AKO UMIYAK kanina nang amin siyang inihatid sa Sebaste hasta kami ay makauwi. Ang totoong lalaki'y hindi umiiyak. Nagbabata lang sila, tumatahimik, at nagpapatuloy.

Ngunit ang takipsilim. Ang mapulapulang sinag ng araw mula sa likod ng Bukid Ayakan na nagbababye sa akin. Ang mga gintong palay na malapit na anihin. Ang mga tulabong, na umuuwi sa kung saan man ang kanilang tahanan.

Ngunit ang kalabaw sa rough road na siasakyan pauwi ng kanyang agalon.

---

*Si **Terence Talagon** ay lumaki sa mga palayan ng San Lorenzo, Guimaras. Siya ay nagtapos ng kolehiyo sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman sa kursong pag-iinhenyero mekanikal. Siya na ngayon ay isang lisensyadong inhenyero. Sa kanyang buhay sa unibersidad, naging kasapi siya ng UP*

*Writers Club. Nagtamo sya ng ilang pagkilala, gaya ng mula sa Life UPDates at Amelia-Lapenia Bonifacio Contest. Naging fellow rin sya sa mga workshops ng Sunday Club, San Agustin, at Palihang Rogelio Sicat. Hiling niya na patuloy siyang makapagsulat kahit saan man siya dalhin ng daloy ng buhay.*

**GLOSARI**

*agalon*- amo

*akupar*- arkila

*alatan*- isang uri ng isda

*balitos*- isang uri ng isda

*banayan*- isang lamanlupa

*ginasiburo*- sipon/ubo sa mga manok

*harab*- pagkain ng damo ng mga kambing, baka, kalabaw, atbp

*kahon*- ang nakaangat na lupa na pumapalibot sa isang palayan

*kainit*- maaaring galit o init

*kararuton*- lamanlupa

*kumpanyar*- sumama sa paglibing

*kutimoy*- maliit, nakakaawa

*magulang*- mas matanda/ nakakatandang kapatid

*mayor*- mayor na bahay, sapagkat madalas ay may mga kubo rin sa paligid

*magpahimunong*- umayos, manatili sa isang posisyon at manahimik

*nagalatay*- naglalakad sa isang makitid na bagay gaya ng patpat, tali

*nagamual*- pagkain na punong-puno ang bibig

*nagpulaw*- nagbelasyon, nagpuyat

*papag*- pansamantalang upuan na gawa sa kawayan

*pululawan*- belasyunan

*tamburong*- maliliit na sementong silindro na ginagamit bilang daluyan ng tubig sa ilalim ng mga karsada o tulay

*tikpaw*- isang lambat-panalok

*toril*- nabakurang espasyo para sa mga hayop

*tulabong*- tagak